ACTIVITY

A. Hanapin ang mga salita sa word puzzle. Bilugan o i-highlight ito.

A	L	M	W	L	U	N	S	O	D	Z	Q
T	N	W	I	P	O	T	N	E	M	E	S
A	N	S	K	U	M	A	L	A	T	K	H
N	R	A	Y	I	X	B	T	G	D	J	I
Y	B	C	G	U	L	U	H	I	N	L	N
A	U	V	H	K	G	A	F	B	S	O	A
G	I	D	G	I	A	D	N	E	A	P	R
L	E	B	A	B	J	I	R	G	N	T	E
D	G	U	I	H	L	O	S	T	I	R	O
M	A	G	U	S	T	U	H	A	N	T	D

kumalat
wika
daigdig
Shinar
langit

tanyag
silangan
tore
nagkaisa
lunsod

Babel
magustuhan
bato
guluhin
semento

B. Sagutin ang mga tanong.

- Ano ang nais itayo ng mga taga-Shinar?

_____

- Gaano kataas ang tore na nais nilang itayo?

_____

- Bakit ninais ng mga taga-Shinar na magtayo ng toreng mataas?

_____

_____

- Bakit hindi natapos ang tinatayong tore ng mga tao?

_____

_____

- Ano ang nangyari sa mga tao nang magkaiba-iba ang kanilang wika?

_____

_____

Ang mga batang tulad natin ay minsan gaya ng mga tao sa Shinar. Sinusuway natin ang Diyos para lang gawin ang mga bagay na gusto nating gawin. Minsan ay hindi natin alam na sinusuway natin ang utos ng Diyos dahil hindi natin alam ang Kanyang salita. Kaya naman napakahalaga na malaman natin kung ano ang sinasabi ng Diyos sa atin. Simulan natin ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bible araw-araw. Sa pamamagitan nito, makikilala natin ang Diyos at malalaman kung paano tayo susunod sa Kanya.

C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong.

Isang Sabado ng umaga, abalang-abala ang pamilya De Leon sa kani-kanilang gawain sa bahay. Habang ang lahat ay naglilinis, si Larry naman ay abala sa paglalaro ng video game.

Tatay Noel: Larry anak, halika nga at tumulong ka muna sa gawaing bahay.

Larry: *Saglit lang po 'tay tatapusin ko lang ang larong ito.*

Natapos na sa paglilinis ang mag-anak ngunit hindi pa rin lumapit para tumulong si Larry.

Tatay Noel: *Larry halika nga muna anak at pakitapon mo ang basura natin dun sa public trash bin.*

Larry: *Opo 'tay.* (Habang naglalaro.)

Makalipas ang ilang minuto ay lumabas na si Larry at kinuha ang garbage bag na puno ng basura.

Larry: *Saan ko po ito itatapon? Doon po ba sa kanto kung saan nakalagay ang public trash bin?*

Tatay Noel: *Oo anak. Huwag mo basta itambak yan doon ha kailangan paghiwa-hiwalayin mo* (segregate).

Habang naglalakad palabas ng bahay si Larry naisip niyang ilagay na lang sa may bakanteng lote ang dalang basura dahil napakalayo para sa kanya nung pampublikong basurahan. Ang nasa isip lang niya ay makabalik agad upang mapagpatuloy ang kanyang paglalaro.

Tanong:

- Kung ikaw si Larry ano ang iyong gagawin? Susundin mo ba ang iyong tatay o itatapon mo ito sa bakanteng lote? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_____

_____

Si Larry ay hindi nalalayo sa mga tao sa Shinar. Hindi niya pinakinggan ang kanyang tatay nung sinabihan siyang tumulong sa gawaing bahay. Nag-dadalawang isip pa siyang sundin ang bilin ng tatay sa pagtatapon ng basura. Ginagawa lang ni Larry ang gusto niya. Hindi siya nakikinig at hindi rin sumusunod. Sinasabi sa Efeso 6:1 ang mga anak na tulad natin ay dapat na sumusunod sa ating mga magulang sapagkat ito ang tamang gawin.

D. Memory Verse:

Mga anak, sundin ninyo ang inyong mga magulang, alang-alang sa Panginoon sapagkat ito ang nararapat. **Efeso 6:1**